**Article**

SURI 11:2 (2023): 80-100

# Si Samar at ang ilang Posibilidad ng mga Kaisipang Pilosopikal sa Nobelang *Walong Diwata ng Pagkahulog* at *Kasunod ng 909*

**Marvin Einstein S. Mejaro**
University of Santo Tomas, Manila

**Abstract:** In the Philippines, the link between literature and philosophy is not certain, even though they occupy shared regions. Despite their peculiariaties as writing styles, it appears that both disciplines lean towards each other's strengths, albeit indirectly. Sometimes the philosophical situatedness of a literary work does not become obvious right away due to the rigidity of what is conventionally considered philosophy. This article explores the possibility of expanding the connotation of philosophy beyond its conventional connotation, thereby construing as philosophical works that do not explicitly present their philosophical content. The first two novels of Edgar Calabia Samar, *Walong Diwata ng Pagkahulog* and *Kasunod ng 909*, will be the bases for exploring the expansion of the connotation of philosophy beyond its traditional theoretization and orthodoxy. The article is divided into three parts: firstly, it revisits Plato's ancient problematization of the relationship between philosophy and literature; secondly, the novels of Samar are examined and presented as archytypes of works that are philosophical while circumventing the orthodox

**© 2023 Philosophical Association of the Philippines**
https://suri.pap73.site/files/mejaro_suri_october2023.pdf

notion of the philosophical; and thirdly, some ideas from the novels are discussed for futher development in the future.

**Keywords:** langit-lupa, mito, paglikha ng bagong mito, ruminasyon

**© 2023 Philosophical Association of the Philippines**

## SI PLATON AT ANG MATANDA NANG PROBLEMA NG PANITIKAN AT PILOSOPIYA

Mawawala na lamang bigla ang ilan sa mga karakter sa mga diyalogo ni Platon. Magaganap ito matapos na matapos lang nilang magsalita o magpaliwanag, aalis sa mismong init ng usapan.

Samantala, at kung lumisan man sila sa eksena, hindi tuluyang maglalaho ang kanilang mga tanong. Karga ito ng mga matitirang tauhan-interlokutor na patuloy itong uusigin hanggang sa masukol ang esensiyal na ideya, ang siyang napurga nang ideya, ang walang bahid at hindi-nagbabago, ang siyang isa sa marami, ang hindi mababahiran ng opinyon at duda. Ang hindi mababali o mawawasak.[1]

May inaasahang diyalektika ang daloy ng pag-uusap mula sa metodong ginamit ni Platon. Sa kanyang magnum opus, *The Republic,* bibigyang-diin niya na ang proseso ng diyalektika ang siyang pinakamataas na paraan ng pag-iisip at ang mismong natura ng pamimilosopiya.[2]

Kaya ba gayon kasimpleng paglabas-masok ang mga karakter sa mga naisulat niyang diyalogo? Kaiba sa dula, at kung ang magiging basehan ay estetika at ang pagkakatali rin nito sa retorika, mataas ang pagiging arbitraryo ng mga tauhan ni Platon.[3] Marahil maitatanong: Saan

[1] Elemento ang mga nabanggit dito ng katangian ng tinatawag ni Platon na *ideya*. Ngunit lampas na sa mga paniwala ni Demokritus sa atomo, *a priori* ito at hindi nakabase sa materyalidad ng isang obheto. Dito masasabi na ang pagiging totoo ng isang bagay, ayon kay Platon, ay masasabing nakabase sa isang tila ba hulmahang naririto na, nagsisilbing moog ng anumang nais nating patibayin mula rito. See Plato, *The Republic,* trans. by D. Lee (Oxford: Penguin Classics, 2007). Basahin sa mas partikular na paraan ang "Book VII: *The Philosopher Ruler*," kung saan nagbigay ng malawak na diskusyon si Platon sa kung ano ang ideya at kung bakit naiiba ito sa opinyon, paniwala, at kamalian.

[2] May antas at lalim ang pag-iisip para kay Platon. Halimbawa, para sa kanya, kinakailangang lumampas ang pag-iisip sa nibel ng matematika tungong pilosopiya. Ang proseso ng pag-angat at antas na kinakailangan para makamit ito ay nakabase rin sa guguguling panahon ng isang tao at ang pagtataya na gagawin niya sa sarili upang maisakatuparan ito. Makikita ang diskusyon sa diyalektika sa: *Ibid.,* Book VIII, 532-538.

[3] Hindi argumento ng papel na walang diyalektikang nagaganap sa dula. Ito pa nga ang magiging pihit ng papel sa bandang huli at bagay na pagtutuunan. Sa propadyutikong

© 2023 Philosophical Association of the Philippines
https://suri.pap73.site/files/mejaro_suri_october2023.pdf

nagmumula ang pangangailangang tingnan din si Platon sa lente ng panitikan? At bakit may gayong tapang na sipatin din ito—hindi man husgahan ang pinaka ousia[4] ng kaniyang gawa—sa gayong paraan?[5]

Kahit ilang beses sabihin ni Platon ang pangangailangang palayasin ang mga makata sa naiisip niyang istado, kung tutungkabin ang istruktura na ginamit ng dakilang pilosoper, at sabihin man na may mga kahinaan itong hindi sasapat sa kung paano naiintindihan o ginagawa ang dula, may mahihinuha pa ring elemento ng dula (at kung sa gayon ay panitikan) na nakapasok dito.

At kung pagtakas ang pilosopiya sa anino ng *muthos (katha)* patungong *logos (kaayusan/kaalaman)*, bagay na naging proyekto ng mga Sinaunang Griyego, at magkakaroon ng kulminasyon sa mga gawa ni Platon, hindi nito tuluyang natakasan ang muthos. May lakas ang paraan na ginamit ni Platon sa kanyang mga aklat na nasa anyo ng panitikan. Hindi nito tuluyang napurga ang disiplinang nais nitong iwan.

Ang diskusyon, halimbawa, patungkol sa *Mito ng Yungib*.[6] Ang gayong kakayahan ng paglalarawan na patingkarin ang maaaring maipamalas ng konsepto. Hindi lamang ito usapain ng detalye. Hindi rin ito magaganap lamang sa tikas ng mga argumento. May paglalaro sa detalye at paglalarawan na nangangailangang mangusap ang isang manunulat—sabihin man na pilosoper ang manunulat—sa wikang inaasahan ng pagiging malikhain. May laro[7], samakatuwid ang wika, na

pagtalakay, ibig lang simulan ng papel na timbangin ang mga pagkakaibang inaasahan sa mga limitasyon munang naghihidwa sa mga disiplina.

[4] Tumutukoy ang ousia sa idea ng pinakamahalagang aspekto o bagay. Tumutukoy din ito sa sentro at pinaka esensiyal.

[5] Sa mga panimulang imbestigasyon ng papel, malaki ang naitulong ng aklat ni Mark Edmunson, *Literature against philosophy, Plato to Derrida* (New York: Cambridge University Press, 1997). Lalo na, sa mas partikular na pagtukoy, ang unang kabanata nito, ang "Prologue: an acient quarrel."

[6] Mababasa ang mito sa Plato, *The Republic,* Book VII, 515-521.

[7] Hindi orihinal sa akin ang paggamit ng laro. Mga diskurso ito na una nang nagamit ni Derrida na nagsimula sa aklat na *Grammatology*. Sa bansa naman, una ko itong nakitang ginamit ng kilalang iskolar sa pilosopiya, Agustin Martin Rodriguez, partikular sa aklat

**© 2023 Philosophical Association of the Philippines**

masasabi na hindi lamang laro ng pilosopiya, kahit naisin man ng pilosopiya na manatili sa espasyo ng kaniyang lakas—(o maaaring kahinaan?)

Kung titingnan ang magiging kasaysayan ng pilosopiya, sa ginawa niyang pag-usad sa loob ng kasaysayan higit dalawang libo at limang daang taon, lalabas at lalabas ang ganitong pamamaraan sa mga aklat ng maraming pilosoper. Mapapansin ito sa mala-sanaysay na hagod ng ilan sa mga bahagi ng pinakamahalagang akda ni Aristoteles, *Ang Nichomachean Ethics*. Sa aklat naman ni San Agustin, tonong personal ang makakapa sa obrang *Confessions*. Iisipin mong animo na kahapon lang naisulat ang aklat at nangungusap ang santo kahit sa kasalukuyang mambabasa. At kahit siyentista ang dalawang Ama ng Modernong Panahon, Rene Descartes at Francis Bacon, masasalat sa akda nila ang mga sangkap at katangiang malikhain. Ang kakayahan, halimbawa ni Bacon, na pukawin ang mambabasa sa kanyang mga sanaysay sa samo't saring paksa at ideya. O ang paraan ng pagsulat ni Descartes, partikular sa *Meditations*, na kahit aral ito sa mga matematika na may kaugnayan sa aritmetik at heometriya, kakikitaan pa rin ito ng mga episodong pagninilay na sanaysayin. At kahit ang mga susunod pang henerasyon gaya nina Kierkegaard, Nietzsche, Camus, Sartre, Barthes, Cixous na may mga proyektong nagbibigay ng bagong anyo ng mga paraan ng pag-iisip sa anyo, hindi lamang ng nilalaman, kundi ng moda at porma.

Hayagan mang sabihin o hindi, may lakas ang panitikan na magiging kailangan ng pilosopiya sa patuloy nitong pagpapayabong ng mga konsepto. At hindi lamang kasangkapan ng pilosopiya ang panitikan sa maraming mga akda, bahagi rito ang mga ginamit na pag-aanggulo ng isang manunulat o pilosoper upang makamit ang inaasahang punto o argumento. Gaya ng posisyon ni Merleau-Ponty sa usapin ng dibuho, itong

niyang *May Laro ang Diskurso ng Katarungan* (Quezon City: Ateneo De Manila Press, 2014).

© 2023 Philosophical Association of the Philippines
https://suri.pap73.site/files/mejaro_suri_october2023.pdf

pangangailangang dumaloy hindi lang sa isip, bagkus ay sa buong katawan at pagkatao ang totoong sining ng pagpinta ng isang artista.[8]

Sa panitikan, buong-buong hinaharap at tinititigan ang mundo. Kaya, isang mito na sabihing ang pamimilosopiya ay nagaganap lamang sa isang rehiyon na ang wika't paraan at pagdaloy ng ideya ay eksklusibong nasa planetang pilosopikal lamang. Na sa mas partikular na pagsasabi ay bilang paraan lamang ng teorisasyon.

Hindi ito paghusga sa pangkasalukuyang pamimilosopiya sa bansa. Ang layon ay makapagtala ng mga obserbasyon ng ilang mga kalabisang mapapansin, hanggang ngayon, sa kung paano tinitingnan ang pilosopiya, higit lalo sa Pilipinas. Halimbawa: ang opinyon na mas dakila ito sa anumang disiplina, partikular sa paggamit nito ng wika upang lumikha ng mga konsepto, ang kakayahang nitong gumawa at pagkuwa'y makapagpangalan ng mga terminolohiyang magsisilbing moog ng mga pag-iisip.

Bagaman may katotohanan ang bagay na ito, baka hindi rapat maging rehiyon lamang ito ng pilosopiya. Sa naiibang paraan, may mga imbestigasyon na maaaring gawin ang panitikan, halimbawa rito ang nobela, kung gagamitin ang punto ni Kundera, na tanging ang nobela lamang ang maaaring makagawa.[9]

Ang demarkasyong iyon at lakas ng ibang disiplina ay maaaring tingnan na rin bilang kahinaan ng pilosopiya. Punto itong napansin din ng nobelista-iskolar na si Umberto Eco, patungkol naman sa anyo ng tula. Sa pananaw niya, may kakayahan ang tula na pangalanan ang pluralidad ng

[8] See Maurice Merleau-Ponty, "Eye and the Mind," in *Theory of Perception*, trans. by Carleton Dallery and edi. by J. Wild (Evanston: Northwestern University Press, 1964).

[9] See Milan Kundera, *The Art of the Novel*, trans. by L. Asher (New York: Grove Press, 1986). Orihinal na nalathala: 1985.

© 2023 Philosophical Association of the Philippines

pag-iral.[10] Isa rito ang pagkakaroon ng mas detalyadong pagtingin sa mismong mga kaibhan ng mga ginagawang pananahan ng tao.[11]

Namamayani pa rin sa ngayon ang ang isang uri ng pamimilosopiya na nakasalalay ang lahat sa pananaw lamang ng isang pilosoper. Nauuwi ito kalimitan, lalo kung gagawing mundo ng isang mananaliksik o mambabasa ang pananaw lamang ng isang pilosoper na walang pagsang-alang-alang sa kung paano ito kumakawil, nag-iinterseksyon, at posibleng gumitaw din sa ibang larang.

Sa dulo, nagiging paglalapat lamang o pagpapaloob ang naaral sa mismong pananaw ng napiling pilosoper at ang patuloy lamang na pag-aabang sa magiging trajektori ng kanilang mga pananaw, ang kritisismo at ang pagpapalawak sa mismo nilang posisyon.
Saan posibleng mauwi ang ganitong klase ng obsesyon? Dalawang bagay ang nais ihain ng papel:

1. Ang epekto na hindi maging-malay sa mga aklat na iniliimbag ng bansa; at
2. Ang paglayo sa mga kontekstong hindi papasok sa sariling mga danas.[12]

[10] See Umberto Eco, "The Question of the Poets," in *Kant and the Platypus: Essays on Language and Cognition*, trans. by Alastair McEwen (San Diego: Harcourt Company, 2000).

[11] Kaya rin siguro masasabi na sa dulo ng mga imbestigasyon na gagawin ni Heidegger, isang Alemang pilosoper, mas magiging mahalaga sa kanya ang mga makata, gaya ng makatang Aleman na si Friedrich Hölderlin. Sa anyo ng tula at sa aral na binibigay nito, magagawa ng tao na mas maunawaan ang kaniyang temporalidad na nasa nexus ng ngayon-kahapon-bukas.

[12] Kung hihiram tayo sa pananaw ng isa sa pinakamahusay nating manunulat, Rogelio Sicat, na makikita sa kalipunan ng kanyang mga maikling-kuwento at sanaysay, *Pagsalunga*, sasabihin ni Sicat ang pangangailangang na ang mga akda "ay dapat ibalik sa paglalarawan ng ating karanasan." May aspekto rin sa pilosopiya, bagaman hindi sa total nitong proseso, na umugat sa mismong gawi ng mga tao. Na may nilalaman rin at ideya sa mismong kontekstong ito. See Rogelio Sicat, *Pagsalungga: Piling Kuwento at Sanaysay* (Pasig: Anvil Publishing, 1992), xi.

© 2023 Philosophical Association of the Philippines
https://suri.pap73.site/files/mejaro_suri_october2023.pdf

Minsan, nakatutuwa (at ang totoo'y nakaiingit) na pakinggan na gayon na lamang ang kakayahang sabihin ng isang pilosoper sa ibang bansa ang mga pangalan ng manunulat na nailalagay nila sa sari-sariling mga akda. Babanggitin ni Heidegger si Celan. May sasabihin si Deleuze kay Kafka. Babanggitin ni Camus si Faulkner. Ni Sarte si Gide. Ni Badiou si Bretch.

Gayon din naman ang mga manunulat. Ilang beses sasabihin ni Auster si Lacan. Ni Hesse ang Budismo. Nasa mga pahina ng *The Sea, The Sea* ni Murdoch ang mga aral ni Sartre. Sa akda naman ni Mann, *Death in Venice,* naroon ang meditasyon sa mga tanong patungkol sa kariktan at kagandahan na nasa mga aral ni Santo Tomas De Aquino, kasama na ang mga lason na dulot ng gayong pagkahumaling.

Maaari ba nating aminin na hindi pa gayon ang nagaganap sa bansa? O kahit ang sabihin na malaki pa ang inaasahan natin na kilalanin ang ating mga manunulat?

Tingin ko: hamon ito, lalo, sa mga iskolar sa pilosopiya na mas maging-malay pa sa ating mga mandudula, nobelista, makata, mananaysay, at iba pa. May gayong pagtingin na tila walang kinalaman ang kanilang mga akda—tula o nobela o dula o sanaysay—sa mga kaisipang pilosopikal. Naroon ang paglalagay sa kahon ng anyong panitikan bilang mga anyong panitikan lamang. Dahil dito, walang nalilikhang landasin na aapekto nang malaki sa posisyon na masyadong nakababad na sa teorisasyon.

Nakikita ito ng papel bilang isang problema na dapat pagtuunan. Sintomas ito ng nais kong tingnan bilang maling pagbibigay-limitasyon sa intelektuwalisasyon, hindi man sabihin na mali at makitid na pagtingin dito. Malaki ang implikasyon nito sa sarili nating panitikan. Lilikha ito sa hindi pagiging-malay sa ating mga akdang pampanitikan na posibleng magbigay pa ng ibang pakpak (at bagwis) na magpapalipad ng mga binubuo nating ideya o magpapasolido sa mga inaaral nating konsepto.

Dito nais usisain ng papel ang magiging daloy ng imbestigasyon: ang bigyan ng pansin na may kakayahan ang mga akdang panitikan—at

**© 2023 Philosophical Association of the Philippines**

maging ang ating akda—na makaukit ng mga kaisipang matatawag na pilosopikal o malapit na malapit sa matatawag na pilosopikal. Na balintuna ay mas pilosopikal pa nga. Ibig sabihin, sa pagiging epektibo ng konsepto bilang konsepto, may pagkakataon na kakailanganin niyang hindi lang maging pilosopikal upang mas maging pilosopikal. Dahil minsan, dagdag pa, iyon ang pinakamainam na posisyon para maging pilosopikal. Para makabuo ng bago at malakas na konsepto. Bagay ito na pagtutuunan ng susunod na bahagi ng papel gamit ang dalawang akda ni Samar bilang mga arketipo.

## ANG MGA LANDASING SINIMULAN NI SAMAR AT ILANG POSIBILIDAD NG MGA KAISIPANG PILOSOPIKAL

Taong 2012 nang ilimbag ni Samar ang aklat-poetika niya sa pagsusulat ng nobela, *Halos Isang Buhay: Ang Manananggal sa Pagsusulat ng Nobela*,[13] kasabay ang ikalawa niyang nobela, *Kasunod ng 909*.[14] Malaking hakbang ito para sa manunulat. Nakapagbigay ito ng paliwanag, hindi man buong-buo, sa ninanais niyang direksyon ng kanyang mga akda. Sa propadyutikong pagtingin, bubuo si Samar, gaya ng iniidolo niyang manunulat na Hapon, Haruki Murakami, ng sarili niyang bersiyon ng Triholiya ng Bilang.[15] Makikita ito sa mga titulong *Walong Diwata ng Pagkahulog*,[16] *Kasunod ng 909*, at *Teorya ng Unang Panahon*.[17] Ngunit

[13] See Edgar Calabia Samar, *Halos Isang Buhay: Ang Manananggal sa Pagsusulat ng Nobela* (Manila: UST Publishing House, 2012).

[14] Basahin si Edgar Calabia Samar, *Kasunod ng 909* (Manila: UST Publishing House, 2012). Tutukuyin bilang *K909* sa mga susunod na bahagi ng papel.

[15] Nang matapos na ang kontrata ni Samar sa lahat ng mga unang naglimbag ng kaniyang mga nobela, at magkaroon ng pagkakataon na mapagsama-sama na niya ang lahat ng mga ito sa iisa at panibagong edisyon, magagamit na niya ang sarili niyang bersiyon ng tatawagin niya ring Trilohiya ng Bilang na ililimbang ng Ateneo de Manila University Press taong 2023.

[16] See Edgar Calabia Samar, *Walong Diwata ng Pagkahulog* (Manila: Anvil Press, 2005).

[17] Bagaman, sa papel na ito, nilimitahan ang imbestigasyon ng papel sa unang dalawang nobela lamang ng Trilohiya ng Bilang.

© 2023 Philosophical Association of the Philippines

hindi lamang paglalaro ito ng mga numero. May pakay si Samar, mula sa mga titulo, na makalikha at mapataas pa ang nibel ng mga pagtingin natin sa mga kuwento't kasabiha't paniniwala ng bayan.

Halimbawa, sa una niyang nobela, malaki ang detalyeng ibinigay ni Samar para balikan ang relasyon natin sa mga sari-sariling bayan ng ating mga pagsilang. Naroon ang nostalgia na balikan ang hindi na muling maakap. Bagaman tungkol ito sa diwata at mga nilalang na mas matatas sa atin, namamalagi't humuhunos sa ibang mga espasyo, makikita na nais ding ilarawan ni Samar ang bayan ng ating kinalakhan at ang lugar na patuloy at patuloy na lumalawak at lumalaki habang patuloy din tayong lumalayo rito. Kaya gayon na lamang ang pagnanais ni Daniel na maunawaan ang sarili. Para sa kanya, magiging-daan ito upang maunawaan din niya ang kanyang bayan post-Edsa, mga panahon na wala nang gayon kabigat na pang-kasaysayang isyung humahawak sa kanyang pag-iral, samantalang nais niyang isulat ang bayan.

Kahit noon pa, sa paglilimbag niya ng una niyang aklat, isang koleksiyon ng mga tula, *Pag-aabang sa Kundiman: Isang Tulambuhay*,[18] pakay na ni Samar na isangkot ang kanyang sining sa mismong takbo ng lipunan. Kaya ginamit niya ang imahe ni Elias bilang paraan ng gagawin niyang pagbabalik, ang makauwi upang mas maunawaan ang pinagmulan, at kalaunan, ay paroroonan. Kay Samar at sa tauhang si Daniel sa *Walong Diwata ng Pagkahulog,* may inaasahang bagay na kailangang maunawaan ng isang tao na nangangarap isulat ang kaniyang bayan: ang buong pagkilala rito, ang pagsasalba sa mga nakaligtaan-nalimot na kuwento, at ang maglagi sa mga gubat, at lawa, at kada bahagi ng bayan upang sumimsim ng samo't saring mga alaala. Kaya hindi kataka-taka na makadaupang-palad, makakilala, at kalauna'y baguhin si Daniel ni Teresa, ang diwata sa kuwento. Sa karakterisasyon na ginawa ni Samar kay Teresa,

[18] See Edgar Calabia Samar, *Pag-aabang sa Kundiman: Isang Tulambuhay* (Quezon City: Office of Research and Publications of Ateneo De Manila University, 2004).

**© 2023 Philosophical Association of the Philippines**

at kaiba sa detalyeng binibigay kadalasan sa isang diwata, wala sa pedestal ang sinasabing diwatang ito. At sa gayong paraan, nailapit nito ang hiwaga sa nibel na magiging tao pa rin ang danas ng karakter ni Daniel.

Sa *Kasunod ng 909,* matapang pang sinuong ni Samar ang ganitong proyekto. Mas handa na rin siyang akapin ang isang paksang historikal tulad ng kasaysayan ng sirko sa Pilipinas samantalang nagaganap ang digma at iba pang isyung pambansa. Doble-naratibo ang nobela: sa una, nasa nakaraan ang salaysay na patungkol sa naging kasaysayan ng sirko; sa ikalawa, umiikot ang kuwento sa kasalakuyang panahon ng bidang tauhang si Norman at kanyang matalik na kaibigang si Aaron. Bukod dito, nagtuon din si Samar na mas halukayin ang maaaring batis ng mga kaalaman kung mas bibigyang-pansin ang paggalugad sa mga pambansang alaala.

Makikita, halimbawa, ang ginawa niyang pagbalik sa posibleng pinagmulan ng kasaysayan ng mga manananggal o aswang, na ang layon, ay hindi upang pataasin ang takot at paimbayuhin ang hilakbot, kundi upang isalaysay ang lipunan. Sa ganitong nibel ng pagtingin sa aswang o manananggal, ang mas tatatak na naaalala ng mga tao ay kung bakit nauwi ang mga ito sa gayong kasakdalan at hindi sa kung bakit nila nagagawa ang mga bagay na kinatatakutan ng mga tao.[19] Ang pagkitil na ginawa sa mga aswang na babanggitin ni Samar sa *Halos Isang Buhay* ay sintomas ng pagsarado sa lahat ng posibleng tanong patungkol sa aswang, bagay na nais tingnan ng papel—hindi sa literal na pagtukoy—kundi sa representasyon o senyal na idinudulot nito sa mismong aklat-poetika ni Samar.

Makikita rin na ang anumang posisyon na mayroon siya sa *Halos Isang Buhay* ay mga bagay na kaugnay at konsistent sa mga nobelang naisulat niya. Mahalagang punto ito na nais munang tukuyin ng papel bago ang pagsasalansan ng mahahalagang ideya mula sa dalawang nobela na magiging mga haligi patungo sa pagtingin sa mga alternatibong paraan ng

[19] May bahagi sa *Kasunod ng 909* na paglalarawan sa mismong kamatayan ng isang bayan dahil sa gutom at tagtuyot. Bukas ang teksto sa maraming interpretasyon at may mga malapit at malayong interpretasyon na posibleng ibigay dito. Isa siguro sa malayo, na may pangangailangan ng isa pang papel, tingin ko, ay ang relasyon ng mga pagkawala ng aswang sa siyang pagkaubos (cleansing) ng isang bayan.

© 2023 Philosophical Association of the Philippines

pagbuli ng konsepto, lampas sa inaasahang ortodoksiya, bagay na pagbibigay-turing din sa kakayahan ng panitikan na makapaglandas ng mga alternatibong paraan sa paggawa ng isang kaisipang sasaklaw sa mas malawig na pagtingin sa sarili, sa iba, at sa bayan.

Taong 2004 nang manalo si Samar ng kanyang unang gantimpala sa isang pambansang patimpalak pampanitikan mula sa isang koleksiyon ng tula.[20] *Silang Mga Naglalakad Nang Matulin* ang titulo ng koleksiyong iyon at tumutukoy sa simbolo ng mga pinakatakot ng tao. Ngunit alam natin na hindi pananakot ang pakay ni Samar dito; ang totoo: mas layon niya na hindi talaga sagutin ang pinagmumulan ng takot o pangalanan ito. Ang mas nais niya ay buhayin ang tanong at maunawaan ito. Halimbawa, bakit may mga naitawid—hanggang ngayon—na mga ganitong kolektibong alaala na nakabaon sa kung anong terra incognita ng ating kamalayan? At bakit patuloy tayong natatakot bilang isang bayan, at nauuwi ang mga takot na ito sa pagkapipi ng bayan?

Hindi naman kasi kailangang sagutin talaga ang takot. Hindi ito tanong na nangangailangan talaga ng kung anong solusyon. Ang tingin ko: ang mas kailangan ay maunawaan ito. Maraming espasyo sa takot na kailangang mabisita at maintindihan.

Sa pelikula, halimbawa, ni Alex Ayn Arumpac, *Aswang*,[21] mamamalas ang ganitong motif. Ginamit ang huli bilang representasyon ng pagsasaordinaryo at pagbibigay-normalidad sa karahasan. Sa anyo ng

[20] Ang Gawad Palanca ang sinasabing patimpalak na binabanggit dito. Ngunit hindi sa patimpalak nakatuon ang gagawing pagtukoy, kundi sa mismong proyekto ni Samar na sinimulan niya—noon pa—kahit noong pagtula pa ang nakahumalingan niyang anyo ng panitikan. Hindi naman kakalimutan ni Samar ang pagtula. Kahit nang seryosohin na niya ang pagsulat ng kuwento at nobela, patuloy at patuloy ang paglilimbag niya ng tula o kalipunan ng mga tula. Malimit niya ring mabanggit sa mga panayam ang relasyon ng mga anyong pampanitikan at ang halaga ng mga interseksyon ng mga porma. Mayroon at mayroong tula sa nobela, sasabihin niya. May kakayahan ang nobelang dalin ang mambabasa sa pinakamaigting at pinaka-intensidad ng pag-iral sa punto ng magiging lapit nila sa mga salita.

[21] Panoorin ang *Aswang*, A. Arumpac, 2016, Cinematografica.

**© 2023 Philosophical Association of the Philippines**

aswang, nagiging mitikal at teatrikal ang pagkitil na naglalayo na sa may mga sala—ang istado. Sumobra ang huli at nabigyan ng istado ang sarili ng buong-buong lisensiya na maghugas-kamay.

May dalawang bagay ang papel na nais bigyang-eksposisyon at kalaunan—sa huling bahagi—ay palalimin upang makapaglandas ng sinasabi at layon ng papel na alternatibong paraan na makabuo ng konsepto na hihidwa sa mga nakasanayan lang na teorisasyon o—kung gagamitin si Heidegger—ay konspetualisasyon. Kukunin ng papel ang unang argumento sa *Walang Diwata*, samantalang ang isa, sa *Kasunod ng 909*.

Sa unang aklat, may babanggitin si Samar na isang laro na pamilyar sa atin: *Langit-Lupa*. Ilalarawan ng nobelista ang mga danas ng bida noong bata pa, kasama ng mga kapuwa-bata, na sa bandang-huli, ay makapabibigay sa kanya nang malalim at pang matagalang impluwensya, partikular sa nakikita ko na karahasan ng laro na impit sasabihin ng manunulat na para bang gayon na lamang ang kakayahan nating iligtas ang mga sarili, na tutungtong lamang tayo sa kung ano mang mataas na espasyo at pagkuwa'y ligtas na tayo.

Simple ang larong ito: nasa langit ka kapag nasa partikular kang elebasyon—maliit na burol, bakod, pagsabit sa kung anong puno, at iba pang may parehas na mga taas. Dito, hindi ka maaaring habulin ng taya na magbibigay din sa iyo ng kakayahang patuloy lang na maglagi sa espasyong pinili mo. Walang magagawa ang taya kundi ang hintayin ang pagkakataon na lumipat ka na sa isa pa at kung anong bagong espasyo ng langit.

Ang kakatwa: walang daan na magdadala sa iyo sa panibagong langit na ito kundi sa lupa. Kung pipiliin mo ito, kakailanganin mong tumakbo dahil hindi maaari na maglagi sa lupa gaya ng sa langit. Hindi ligtas ang lupa kaya may pangangailan ang paghahanap ng bagong langit.

Interesante ang paglalagay na ito ni Samar ng diskusyon ng laro sa isang nobela at ang pagbibigay-paghihiwalay nito sa iba pang mga kabanata upang magkaroon siya ng sarili niyang daigdig sa nobela. Mapapansin din ang paggamit ni Samar sa nobela ng mga pahinang pahina

© 2023 Philosophical Association of the Philippines
https://suri.pap73.site/files/mejaro_suri_october2023.pdf

bilang isang paraan ng kontra-daloy sa ideya ng salaysay. Mga espasyo ito kung saan posible ang tinatawag ni Kundera sa nobela na ruminasyon. Ang aspektong ito, at ang mismong pag-akap na makapagpaliwanag, bagay na magagawa lamang sa nobela, ang isa sa malinaw na ginamit ni Samar sa pagsulat ng unang nobela.

Bukod sa alaala ng larong langit-lupa sa perspektib ni Daniel, wala naman nang ginawa pa si Samar na kaugnayan nito sa impluwensiya ng simbahan o isang mas historikal na pag-uugnay nito sa kung anong teolohiya. Hindi ako sigurado, base sa pagbabasa sa nobela, kung may gayon pa bang pakay si Samar na gawin ito sa loob ng naratibo. Hindi rin kasi gayon kabilis lamang ang desisyon ng isang manunulat sa pagpasok ng mga ganitong bagay dahil na rin sa tamang apropriyasyon. Kapag sumobra ito at nauwi ang nobela sa isang pagpapaliwanag na lamang, pipilayin nito ang siyang mismong kaibahan nito sa iba pang uri ng pagsusulat. Nasa ganitong alinlangang relasyon ang nobela sa sanaysay, bagaman mahalaga na magkaroon ang nobela ng lakas ng huli upang mailagay nito ang sarili sa bentahe na makapagsalita pa—dagdag pa sa ibinibigay na espasyo ng sining ng nobela bilang isang *technē*.[22]

Nais pang bigyang-interpretasyon ng papel ang pagsasama ni Samar sa larong ito. May makikitang potensya rito na posible pang yumabong pa sa punto na mag-aanak ito ng bago pang ideya o maglulunsad ng mga kinakailangang ekstensiyon patungkol sa mga paksang tinuturol nito. Bagay itong ilalatag sa huling bahagi ng papel, partikular sa isang uri ng teodisiya—hindi teolohiya—na kung mas susuriin, ay posible na nais pang talakayin ni Samar. Hindi ang ortodoksiya na masabi kung sino o ano ang diyos, kundi kung ano ba ang relasyon ng tao sa kanyang paniwala o hindi-paniwala.

Patungkol naman sa ikalawang aklat, *Kasunod ng 909*, ang pagtutunan ng pansin ay ang kabanata patungkol "Aswang at Pagsalang,

[22] Nakatutuwa na ang mga likhang sining, ayon sa mga Griyego, ay isang uri ng paggawa. Kaya, bukod sa ideya ng teknik at istruktura, bawat paraan at moda ng pagsusulat ay isang uri ng paggawa.

**© 2023 Philosophical Association of the Philippines**

1961-1962."[23] Maraming posibleng masabi rito, gaya ng nosyon ng lupa, ang ideya ng kahirapan, at ang pagkaubos ng lahi. Ngunit ang nais pagtuunan nang pansin ng papel ay ang mismong kuwentong nagawa ni Samar sa posibleng makita sa huling bahagi ng nagawang naratibo. Bukod pa, ang ibig talagang tingnan ng papel, sa ikalawang nobela ni Samar, ay ang kakayahan ng manunulat na *paglikha ng mito*. Mahalaga ito. Bagay din ito na hindi kadalasang nagagawa sa bansa, lalo na, ng mga nagsusulat ng pilosopiya. Kalimitan na masyadong teoretikal ang bentahe ng mga sinusulat at nasa punto ng labis na teorisasyon. Sa huling bahagi ng papel, ipapakita na may ganitong kakayahan ang panitikan sa bansa at isa si Samar at kanyang akda bilang arketipo na maaaring gamitin.

## SI SAMAR AT ANG MASASABING PILOSOPIKAL

Sa *Halos Isang Buhay*, maglalaan si Samar ng diskusyon sa apat sa mga hinahangaan niyang manunulat.

Babanggitin niya si Umberto Eco at ang kaugnayan ng mga akda nitong matukoy ang kasaysayan. Sasabihin niya rin ang naitulong ni Haruki Murakami sa kanya, lalo na, sa pag-unawa ng popular na kultura at kung paano ba mabuhay sa ganitong bersyon nang naging daigdig. At dahil may pasinasyon din si Samar sa mismong kasaysayan ng panitikan at mga mismong kaganapan dito, nakita niya ang halaga na basahin din si Roberto Bolaño.

Ngunit, kung patungkol na sa pilosopiya, si Paul Auster ang siyang impluwensiyal kay Samar.[24] Mahirap na total na maimapa kung saan nga ba nakikita ni Samar ang posisyon ng pilosopiya, lalo na't hindi naman siya

[23] Makikita ito partikular sa Samar, *K909*, 130-132.

[24] Mababanggit ito ni Samar sa *Halos Isang Buhay*, partikular sa bahagi ng mga manunulat sa Kanluran na nagging impluwensyal sa kanya. Para sa mga unang pagbasa kay Auster, na nirekomenda rin ni Samar sa kanyang mga pagbasa, magandang basahin ang *The New York Trilogy*. Binubuo ang trilohiya ng mga nobelang *City of Glass (1985)*, *Ghosts (1986)*, and *The Locked Room (1986)*. See Paul Auster, *The New York Trilogy* (London: Faber & Faber, 1987).

© 2023 Philosophical Association of the Philippines
https://suri.pap73.site/files/mejaro_suri_october2023.pdf

intensiyonal dito. Ibig sabihin, kaiba kina Sartre at Camus, halimbawa, walang programa si Samar na gawan ng ekstensyon sa nobela ang mga mismong pilosopikal na sanaysay na naisulat nila, ang *Being and Nothingness* para kay Sartre at ang *The Myth of Sisyphus* naman para kay Camus.

Tatlong paglilinaw mula sa mga naging diskusyon sa itaas:

1. Una, hindi makikita kay Samar na intensiyonal siya, kung sa ideya ng pagiging intensiyonal, ay nakabase ito *à la* Camus o Sartre;
2. (Ngunit) ikalawa, hindi kailangang maging intensiyonal ni Samar upang magawa ang proyekto ng makapaglagay ng salik ng pilosopiya; at
3. (Kung sa gayon) Ikatlo, may magagawa si Samar na kasintindi ng mga nagawa ng ibang manunulat, kahit sa punto na hindi siya nagiging-malay dito. Dito pumapasok ang patunay na, sa mga kalibre ng pagsulat na ginagawa ni Samar, mayroon siyang sariling aksis ng pag-iral sa sarili rin niyang mga sinusulat, kahit sabihin na naroon ang pagrespeto niya sa ibang manunulat.

Naging posito na ito, gaya ng mga pilosoper tulad nina Deleuze at Guattari, na may makikitang pilosopikal sa mga anyo na hindi-tahasang nagpapapilosopikal.[25] Na sa ganito may posibleng maganap na bago. Maaaring makita sa ganitong aspekto ang mga akda ni Samar.

Dito ko nais balikan ang naihain sa ikalawang bahagi at makapagbuo at bigay pa ng mas paliwanag dito base na rin sa kakayahan ng nagawa ng manunulat.

[25] See Gilles Deleuze and Felix Guattari, *Kafka: Toward a Minor Literature*, trans. by Dana Polan (Minneapolis: University of Minnesota Press, 1986). Sa mas partikular na pagtukoy, makikita sa bahaging "*What is A Minor Literature?*" ang paglalatag nina Deleuze at Guattari kung paano, sa pamamagitan ng istilo ni Kafka, at bagaman palisya lang, makikita ang paraan ng ginawa ng manunulat na *déterritorialisation* sa pag-ukit ng sarili niyang porma.

**© 2023 Philosophical Association of the Philippines**

## SI SAMAR AT AND IDEYA NG LANGIT-LUPA

*Ang langit-lupa bilang isang argumentong pang-teodisya.* Bagaman may resonasyon ang teolohiya at teodisya, mas unibersal ang huli na tumutukoy sa mas maraming paniwala. Ang una naman ay partikular—kung pagbabasehan ang sarili nating mga paniwala—sa mga paniwala't aral ng kristiyanismo o isang partikular na relihiyon. Kung kaya, at bukod dito, masasabi na mas makapagtatanong ng pilosopikal ang huli at may kakayahang mapag-usapan ang tanong gaya, halimbawa, ng kung ano ba ang mukha ng Diyos? O kung saan tayo dadalin ng ating mga dasal? O kung may totoo bang katarungan sa lahat ng naniniwala sa Maykapal? Isa ito sa pinaglaruan din ni Samar sa kanyang akda, na umuugat din, kalaunan sa mga aral niya sa lagay ng tao sa mga pwersa na laging mas mataas sa kanya.

*Ang langit-lupa bilang isang kritisismo ng klerikal na pananampalataya.* Hindi aksidente lamang ang pagbanggit ni Samar sa pagtakas na nagaganap sa laro sa tuwing nasa elebasyon ang tao na nagdudulot sa kanya ng immunity. Kahit sa laro mismo, at kung nagawa natin ito noong bata, maiinis ka sa mga kalaro na nagbababad lamang sa langit, habang nagaganap ang totoong laro sa lupa (habulan, tayaan, paunahan, ang pagod, ang karipas, ang takot na mataya, ang katapangan, at iba pang mga bagay na tulad nito). Nasa lupa ang laban. Ang langit ay pagsarado na ng mismong abentura. Kung ilalagay pa ito sa isa pang nibel, nais wasakin ni Samar ang ortodoksiya na may iisa lamang ideya ng tama. Nais niyang bumalik sa mismong muslak na maaaring makaisip ng mundo na malayo sa inaasahang dikotomiya ng langit-lupa. Paglalanggas ito at katarsis ng isang uri ng klerikalismo na namamayani sa lipunan, at ang pag-alpas dito, ay pagbuo ng bagong mga ideya ng moralidad, kabutihan, katotohanan, at katarungan. Hindi dahil nasa taas lamang tayo, kundi ang pakikipagbuno rito mismo sa mismong mosyon ng buhay.

*Ang langit-lupa ay isa lamang mundo sa marami pang mga mundo.* Maraming mundo, ani Samar sa nobela. Bawat isa ay may sariling mundo. Bawat isa rin ay may pagkakataon na mamalagi rito, manatili, at

© 2023 Philosophical Association of the Philippines
https://suri.pap73.site/files/mejaro_suri_october2023.pdf

kung kakailanganin, ay lisanin ito upang lumikha ng bago. Nasa patuloy na paggalaw ang karakter ni Daniel mula sa mga impluwensiya na nagkulong sa mga dati niyang paniwala. Patunay, ibig sabihin, ang laro sa katotohanan, hindi lang ng paghahanap ng tao sa tunay na magtatahan sa kanya, kundi sa pag-amin na mahirap itong mahanap at nangangailangan ng mas maraming pagtakas kaysa pagdating. Ngunit naroon din ang aral sa paglalakbay. Ang kakayahang makapaglakbay at ang pakiramdam na idinudulot nito sa isang tao, samantalang siya'y nabubuhay.

## SI SAMAR AT ANG PAGLIKHA NG MITO, ANG MALILIKHA NG MITO

*Ang Paglikha ng Mito Bilang Ehersisyo ng Orihinalidad*. Isang katawa-tawang tanong ang itanong kung totoo ba o hindi ang aswang. Mauuwi ang ganitong tanong sa isang polemiko na posible ang lahat ng sagot, hindi-posible ang lahat ng sagot, merong sagot, walang sagot. Samakatuwid, mauuwi ito sa isang bingit. Hindi maipapanalo ang ganitong argumento at maiiwan bilang bagay na patuloy na kailangang ipaliwanag. Kaya, sa paglikha ng isang mitikal na salaysay, ang napakita rito ni Samar ay ang halaga ng ehersisyo na nagdudulot ng orihinalidad. Sa paglikha nagaganap ang akto ng maraming posibilidad ng ruminasyon sa marami ring mahahalagay bagay. Ang napakita ni Samar: may mundo ang mga aswang na hindi-naririto bagaman naririto. At naririto sila kahit ang kamalayan na mayroon ang bayan patungkol sa kanila ay hindi nila kabuuan. Higit sa ano pa man, ang pinaka nagawa ni Samar ay ang turuan tayo na lumikha ng bagay na higit pa sa anomang inaasahan. Pag-iral ang paglikha.

*Ang Mito Bilang Alegorya.* Bukod sa paglikha, at matapos ang nagawang paglikha, makikita natin na may mahalagang aral ang salimuot ng isang mito. Bitbit nito ang bagay na hindi agad nariyan, ngunit sa mas malalim na pagtitig, sa mas pananatili at paghihintay sa mga posibleng dumating na bungang-isip ng isang akda, daratal ang posibilidad na matuto rito. Sa *Kasunod ng 909,* hindi talaga salaysay lamang ito ng mga

© 2023 Philosophical Association of the Philippines

pamilyang nagmulto't nanggulo sa bayan. Ang makikita: ang bayang nagutom, ang panahon ng tagtuyot, ang hindi pag-ulan sa halos buong buhay na ng mga taong ito ay siyang kuwento ng isang nasyon. Kumakatok ang obra sa mga isip natin na halukayin pa itong yaman ng sinasabi ng nobela. Tayo mismo ang sinasangkot dito.

*Ang Mito Bilang* "*Kawalan Patungo sa Bago*."[26] Laging pagwasak ang mga mito ng mga nakasanayang paniwala na malaon nang hindi tumutupad sa mismong mga danas ng tao sa kontemoranyong panahon. Ngunit hindi rin naman dapat tingnan ito bilang kumpletong iba sa dati nitong bersiyon. Naririto ang lakas, ibig sabihin, ng mito: nasa operasyon ito parati ng parehas na noon at hindi-noon. May bahaging naririto subalit may bahaging kailangang mawaglit dahil kailangang mapunta ito sa anyo na magiging makabuluhan pa rin ang kuwento. Pagpapalit-anyo, sabi nga ni Samar, kaya maganda ang imahe ng kawalan. Ang kawalan bilang hindi-totoong wala, bagkus ay ang nariyan na wala pa lamang, ngunit posible, sa darating na oras o pagkakataon, may magaganap. Walang kasiguraduhan ngunit wala rin naman total na kabiguan. Sa nilikhang mito ni Samar, nais niyang sabihing muli na naririto pa rin ang kuwento maging sa ating panahon. Natabunan, gaya ng isang kawalan, ngunit maaaring muling masityo at makapagsabi ng bago.

## KONKLUSIYON

Walang kung anong plano ang papel na gawing pilosoper si Samar. Alam kong hindi niya rin ito magugustuhan. Mas matimbang kay Samar ang pagiging manunulat. Ang pagiging makata. Naroon ang kasiyahan na mayroon siya.

[26] Hiram kay Badiou ang paggamit ng kawalan na makikita sa kanyang magnum opus, partikular sa diskusyon niya ng kawalan o void, bagaman sarili ang ginawang pagbibigay-linaw dito relatibo sa nakikita kay Samar. See Alain Badiou, *Being and Event*, trans. by Oliver Feltham (New York: Continuum, 2005).

© 2023 Philosophical Association of the Philippines

Ngunit ito marahil ang ibig sabihin ng papel: hindi lamang nagkukuwento si Samar sa mga nobela. Dahil hindi lamang kuwento ang nobela. Kahit nagkukuwento ito. At kahit puno ito ng maraming salaysay ng maraming karakter, maraming panahon, sa marami ring pagkakataon.

Kung titingnan mabuti, may iba pang ginagawa ang nobela na lalampas na sa pagkukuwento lamang. Sa isang hagod, may nabubuong mga mundo, may nalilikhang mga posisyon sa pamamagitan ng patuloy na na nito paglalarawan, nagkakaroon ng mga koneksyon at interkoneksyon ang mga bagay-bagay sa paligid. Hanggang bagay na ito ng bagabag na magdudulot sa atin upang magtanong. Dahil hindi na lamang ito payak na salaysay na lamang. Mayroon na siyang sinasabi sa ating buhay. Sinasangkot na nito ang mismo nating mga pagkatao upang muling managinip at umiral nang may tapang sa mga kapwa mauunawaan at hindi natin mauunawaan.

**© 2023 Philosophical Association of the Philippines**

**REFERENCES**

*Aswang*. Arumpac, Alyx. 2016. Cinematografica.

Auster, Paul, *The New York Trilogy* (London: Faber & Faber, 1987).

Badiou, Alain, *Being and Event*, trans. by Oliver Feltham (Neew York: Continuum, 2005).

Deleuze, Gilles at Guattari, Felix, *Kafka: Toward A Minor Literature,* trans. by Dona Polan (Minneapolis: University of Minnesota Press, 1986).

Eco, Umberto, *Kant and the Platypus: Essays on Language and Cognition*, trans. by Alastair McEwen (San Diego: Harcourt Company, 2000).

Edmunson, Mark, *Literature Against Philosophy, Plato to Derida* (New York: Oxford University Press, 1997).

Merleau-Ponty, *Theory of Perception*, , trans. by Carleton Dallery and edi. by J. Wild (Evanston: Northwestern University Press, 1964).

Plato, *The Republic*, trans. by D. Lee (Oxford: Penguin Classics, 2007).

Rodriguez, Agustin Martin, *May Laro ang Diskurso ng Katarungan (*Quezon City: Ateneo De Manila Press, 2014).

Samar, Edgardo, *Halos Isang Buhay: Ang Manananggal sa Pagsusulat ng Nobela* (España, Manila: UST Publishing House, 2012).

____________, *Kasunod ng 909* (España, Manila: UST Publishing House, 2012).

____________, *Pag-aabang sa Kundiman: Isang Tulambuhay* (Quezon City: Office of Research and Publications of Ateneo De Manila University, 2004).

____________, *Walong Diwata ng Pagkahulog* (Manila: Anvil Press, 2005).

Sicat, Rogelio, *Pagsalungga: Piniling Kuwento at Sanaysay* (Pasig: Anvil, 1992).

**© 2023 Philosophical Association of the Philippines**